ARALIN 4

1. May laman, o buto, o dugo ba ang Diyos?
-Wala.

2. Kung ang Diyos ay walang laman, o buto, o dugo, kung gayon ano ang Diyos?
-Ang Diyos ay espiritu.

3. Nasaan ang Diyos?
-Ang Diyos ay nasa lahat ng dako sa lahat ng oras.

4. Saan tayo pupunta upang magtago sa Diyos?
-Hindi tayo makapagtatago sa Diyos.

5. Ilan ang Diyos mayroon?
-Isa lang ang Diyos..

6. Sino ang tatlong Persona sa iisang Diyos?
-Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos Espiritu Santo.

-Saan nagmula ang lahat ng mga anghel?

-Sa simula, nilalang ng Diyos ang lahat ng mga anghel.
-Bago ang simula, walang anghel na buhay.

-Bakit mas dakila ang Diyos kaysa sa mga anghel?

-Dahil buhay ang Diyos bago ang mga anghel.
-Dahil nilikha ng Diyos ang mga anghel.

-Dahil binigyan ng buhay ng Diyos ang mga anghel.



-Dahil ang Diyos ay makapangyarihan sa lahat.

-Binigyan ba na Diyos ng laman at dugo ang mga anghel?
-Hindi.
-Nilalang ng Diyos ang mga anghel na mga espiritu.

-Ang Diyos ay espiritu, at ang mga anghel ay espiritu, subalit mas dahila ang Diyos kaysa sa mga anghel.

-Ang Diyos ay makapangyarihan sa lahat.
-Subalit ang mga anghel ay hindi lahat makapangyarihan.

-Ang Diyos ay nasa lahat ng lugar sa lahat ng oras.

-Subalit ang mga anghel ay maari lamang sa iang lugar sa isang pagkakataon.

-Kahit espiritu ang mga anghel, puwede silang magbago ng anyo, tulad ng tao.

-Bakit nilalang ng Diyos ang mga anghel?
-Kinailangan ba ng Diyos ng anumang tulong?
-Hindi.

-Ang kapangyarihan ng Diyos ay hindi nagwawakas at walang hanggan.

-Bakit nilalang ng Diyos ang mga anghel?

-Nilalang ng Diyos ang mga anghel upang ibigin Siya.
-Nilalang ng Diyos ang mga anghel upang sumunod sa Kanya.
-Nilalang ng Diyos ang mga anghel upang paglingkuran Siya.

-Kung ang isang lalaki ay gumawa ng bahay, sino ang may-ari ng bahay?
-Ang lalaki.
-Bakit?
-Dahil ang lalaki ang gumawa ng bahay.

-Kung ang isang babae ay gumawa ng isang palayok, sino ang may-ari ng palayok?
-Ang babae.
-Bakit?
-Dahil ang babae ang gumawa ng palayok.

-Kung ang Diyos ang lumikha sa mga anghel, sino ang may-ari ng mga anghel?
-Ang Diyos.
-Bakit?
-Dahil ang Diyos ang lumikha ng mga anghel.

-Dahil nilikha ng Diyos ang mga anghel, ang mga anghel ay pag-aari ng Diyos.

-Nilalang ba ng Diyos ang mga anghel na mabuti o masama?

-Nilalang ng Diyos ang lahat na mga anghel na mabuti lamang.

-Hindi makakalikha ang Diyos ng masasamang anghel.
-Hindi makakalikha ang Diyos ng anumang bagay na masama.

-Lahat ng iniisip ng Diyos ay mabuti.
-Lahat ng sinasabi ng Diyos ay mabuti.
-Lahat ng ginagawa ng Diyos ay mabuti.



-Ilang anghel ang nilalang ng Diyos?

-Lumalang ang Diyos ng maraming mga anghel, hindi natin sila kayang bilangin.

-Sa pasimula, saan naninirahan ang lahat ng mga anghel?
-Sa langit kasama ang Diyos.

-Ano ang langit?
-Ang langit ay ang espesyal na lugar na tirihan ng Diyos.

-Ang Diyos ay nasa langit, at sa lahat ng lugar sa mundo.

-Nasaan ang langit?

-Hindi natin alam, subalit ang langit ay lampas sa buwan, araw, at mga bituin.

-Nilalang ng Diyos ang isang anghel na labis ang katalinuhan at kagandahan.

-Ano ang pangalan ng anghel na nilalang ng Diyos na labis ang katalinuhan at labis na kagandahan?
-Lucifer.

-Nilalang ba ng Diyos si Lucifer na mabuti o masama?
-Mabuti.

-Ang Diyos ay lumalalang lamang ng mabubuting anghel.
-Hindi lumalalang ang Diyos ng masasamang anghel.

-Nilalang ng Diyos si Lucifer na labis ang katalinuhan, subalit ang

katalinuhan ng Diyos ay hindi nagwawakas.

-Nilalang ng Diyos si Lucifer na may labis na kagandahan, subalit ang kagandahan ng Diyos ay hindi nagwawakas.

-Dahil nilalang ng Diyos si Lucifer, kaninong pag-aari si Lucifer?
-Sa Diyos.

-Dahil nilalang ng Diyos si Lucifer, sino ang dapat sundin ni Lucifer?
-Ang Diyos.

-Nang pasimula, ano ang nangyari kay Lucifer?

-Nakita ni Lucifer ang kanyang katalinuhan at kagandahan, naging mapagmataas, at ninais na tanggalin ang Diyos sa Kaniyang trono.

-Naging mapagmataas si Lucifer, at ninais na patalsikin sa trono ang Diyos.

-Naging mapagmataas si Lucifer, at ninais na pumalit sa lugar ng Diyos.

-Naging mapagmataas si Lucifer, at ninais na maging Diyos.
-Naging mapagmataas si Lucifer, at siya ang unang gumawa ng masama.

-Sino ang unang gumawa ng masama?
-Lucifer.

-Ano ang kasamaan?
-Ang kasamaan ay isang bagay na hindi gusto ng Diyos.



-Ang kasamaan ay lahat ng bagay na ayaw ng Diyos.

-Alam ba ng Diyos na gusto ni Lucifer na tanggalin sa Kanyang trono?
-Oo.
-Alam ng Diyos ang lahat ng masasamang iniisip ni Lucifer.

-Pinahintulutan ba ng Diyos si Lucifer na tanggalin Siya sa trono?
-Narito ang isang paglalarawan:

-Isang matalino’t makapangyarihang tao ang pinuno ng kanyang nayon.

-Isang araw, nagpasya ang kanyang hangal at mahinang anak na patalsikin sa trono ang kanyang ama.

-Pahihintulutan ba ng matalino’t makapangyarihang pinuno ang kanyang hangal at mahinang anak na patalsikin siya sa trono?
-Hindi.

-Sino ang mas malakas kaysa sa Diyos?
-Walang sinuman.
-Sino ang mas matalino kaysa sa Diyos?
-Walang sinuman.

-Pinahintulutan ba ng Diyos si Lucifer na patalsikin Siya sa trono?
-Hindi.
-Dahil si Lucifer ang unang nagkasala, pinalitan ng Diyos ang pangalan ni Lucifer.

-Ano ang bagong pangalan ni Lucifer?
-Satanas.

-Ano ang ibig sabihin ng pangalang Satanas?
-Ang pangalang Satanas ay nangangahulugang "kaaway."

-Si Satanas ay ang kaaway ng Diyos.
-Si Satanas ay ang kaaway ng lahat ng tao.

-Paano pinarusahan ng Diyos si Satanas sa paggawa ng masama?

-Nagalit ng lubos ang Diyos kay Satanas, at pinalayas sya sa langit.

-Hindi hahayaan ng Diyos na ang sinumang gumagawa ng masama ay mamuhay kasama Niya.

-Maraming anghel ang sumunod kay Satanas sa kanyang paghihimagsik laban sa Diyos.

-Dahil ang mga anghel na sumunod kay Satanas ay nagkasala laban sa Diyos, binago ng Diyos ang kanilang mga pangalan.

-Ano ang bagong pangalan ng mga anghel na sumunod kay Satanas?
-Mga demonyo.

-Ang mga demonyo ay mga kaaway ng Diyos.
-Ang mga demonyo ay ang mga kaaway ng lahat ng tao.

-Paano pinarusahang ng Diyos ang mga demonyong sumunod kay Satanas?

-Nagalit nang lubos ang Diyos sa kanila, at pinalayas silang lahat sa langit.



-Hindi hahayaan ng Diyos na ang sinumang gumagawa ng masama ay mamuhay kasama Niya.

-Paano pa pinarusahan ng Diyos si Satanas at ang kanyang mga demonyo?

-Naghanda ang Diyos ng isang kakila-kilabot na lugar ng walang hanggang kaparusahan para kay Satanas at sa kanyang mga demonyo.

-Ano ang pangalan ng kakila-kilabot na lugar na ito ng walang hanggang kaparusahan?
-Ang Lawa na Apoy.

-Balang araw, ipapadala ng Diyos si Satanas at ang kanyang mga demonyo sa Lawa na Apoy.

-Ang Diyos ay perpekto, at napopoot sa lahat ng kasamaan.
-Ang Diyos ay perpekto, at laging nagpaparusa sa pagsuway.

-Saan nakatira ngayon si Satanas at ang kaniyang mga demonyo?
-Si Satanas at ang kanyang mga demonyo ay naninirahan ngayon sa mundo.

-Ano ang ginagawa ngayon ni Satanas at ng kaniyang mga demonyo?
-Sila ay lumalaban sa gawain ng Diyos araw at gabi.

-Si Satanas at ang kanyang mga demonyo ay napopoot sa Diyos.
-Si Satanas at ang kanyang mga demonyo ay napopoot sa lahat ng tao.